



# Mga Pagsusuring ginagamit upang alamin kung ikaw ay may Hepatitis C

2 magkaibang uri ng pagsusuri sa dugo na kadalasang ginagawa sa magkaibang panahon ang kailangan upang malaman kung ikaw ay may hepatitis C.

## Unang Pagsusuri: Hepatitis C Antibody Test

Sa pamamagitan ng pagsusuri na ito, malalaman kung nakagawa ng antibodies ang isang tao laban sa hepatitis C.

- Kapag “negatibo”, ang ibig sabihin ay walang antibodies laban sa hepatitis C ang katawan dahil hindi pa nagkaroon ng hepatitis C ang isang tao (maliban sa bibihirang kaso).
- Kapag “positibo”, ang ibig sabihin ay nagkaroon na ng hepatitis C ang isang tao dahil mayroon nang antibodies ang katawan laban dito subalit hindi masasabi kung mayroon pa ring hepatitis C sa kasalukuyan.

## Pangalawang Pagsusuri: Hepatitis C virus Test

Ang pagsusuring ito ay tinatawag ding hepatitis C RNA o PCR test. Ginagawa ito kapag ang unang pagsusuri sa dugo para sa antibodies laban sa hepatitis C ay positibo. Maipapakita nito kung ang isang tao ay mayroon pa ring hepatitis C sa kasalukuyan sa pamamagitan ng paghahanap sa virus.

- Kapag “negatibo” o walang virus na mahanap, wala nang hepatitis C ang tao sa kasalukuyan.
- Kapag “positibo” o may virus na nakita, ang tao ay mayroon pa ring hepatitis C.



## Unang Pagsusuri: Hepatitis C Antibody Test

Ang unang pagsusuri ay upang malaman kung nagkaroon na ng hepatitis C ang isang tao

### KUNG “NEGATIBO”

Hindi pa nagkaroon ng Hepatitis C

**Makipagusap lagi sa tagpangalaga ng iyong kalusugan upang maintindihan ang kahulugan ng mga resulta ng pagsusuri at upang malaman kung kinakailangan ang pagsubaybay.**



### KUNG “POSITIBO”

- Mayroong antibodies laban sa Hepatitis C
- Maaaring nagkaroon na dati ng hepatitis C ang isang tao
- Hindi pa rin masasabi kung may Hepatitis C pa rin ang isang tao sa kasalukuyan



## Pangalawang Pagsusuri: Hepatitis C Virus test

Sinusuri kung ang tao ay mayroon pa ring hepatitis C sa kasalukuyan

### KUNG “NEGATIBO”

Ang tao ay wala nang hepatitis C

### KUNG “POSITIBO”

Ang tao mayroon pa ring hepatitis C.



# Tests Used for Diagnosing Hepatitis C

Two different types of blood tests, usually taken at two different times, are often done to tell if a person is living with hepatitis C.

## Test 1: Hep C Antibody Test

This screening test tells if a person's body has ever made antibodies to fight against hep C.

- If "negative", the person has **never** been infected with hep C. (Except in rare cases)
- If "positive", the person has hepatitis C at some time. It does **not** tell if the person still has Hepatitis C.

## Test 2: Hep C Virus Test

This test (also known as hepatitis C RNA or PCR) is ordered if Test 1 comes back "positive." It shows if a person **still** has hepatitis C by testing for the presence of the virus.

- If "negative", the person **no longer** has hepatitis C.
- If "positive", the person **has** hepatitis C.



### Test 1: Hep C Antibody Test

The first test checks if a person has **ever had** hepatitis C

#### IF "NEGATIVE"

Person has **never** had hepatitis C

**Always discuss with a health care provider the meaning of your test results and if follow-up is necessary.**

#### IF "POSITIVE"

- Hepatitis C antibodies are present
- Person has had hepatitis C at some time
- Does **not** tell if person still has hepatitis C



### Test 2: Hep C Virus Test

Checks if the person is **still living** with hepatitis C

#### IF "NEGATIVE"

Person **no longer has** hepatitis C

#### IF "POSITIVE"

Person **has** hepatitis C

